**Ang mga minamahal naming mga kasali sa National Disability Insurance Scheme (NDIS), mga tagapag-alaga, kapamilya o kinatawan:**

Ang sulat na ito ay nagsasabi kung paano makakatulong ang NDIS Quality and Safeguards Commission (ang Komisyon ng NDIS) sa iyo.

## Ano ang Komisyon ng NDIS?

Ang Komisyon ng NDIS ay inilunsad upang mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyo ng NDIS na ibinibigay ng mga tagapagdulot ng NDIS. Ang Komisyon ng NDIS ay gumawa ng mga patakaran para sundin ng mga tagapagdulot ng mga serbisyo ng NDIS upang matiyak na ang mga ito ay ligtas at tumutupad sa mga batayan sa kalidad.

Ang mga taong may-kapansanan ay may karapatan na maging ligtas at tumatanggap ng mga de-kalidad na serbisyo mula sa mga pinili ninyong tagapagbigay ng mga serbisyo at mga trabahador na sakop ng NDIS.

## Ano ang maipaglilingkod namin sa iyo

Para sa mga taong may-kapansanan na tumatanggap ng mga serbisyong pinupondohan ng NDIS, ang Komisyon ng NDIS ay:

- tumutulong sa pamamamagitan ng pakikinig sa inyong mga reklamo tungkol sa mga tagapagdulot ng serbisyo at mga trabahador upang mabigyan kalutasan ang mga ito
- nag-uutos sa mga tagapagdulot ng serbisyo na respetuhin ang inyong karapatan na maging ligtas
- sasabihin sa mga trabahador at mga tagapagdulot ng serbisyo kung ano ang dapat nilang gawin upang matiyak na nagbibigay sila ng magandang serbisyo sa iyo, sa pamamagitan ng NDIS Code of Conduct and Practice Standards (mga koda ng mga batayan sa pag-aasal at paggawa ng NDIS)
- nag-uutos sa mga rehistradong tagapagdulot ng NDIS na mag-ulat sa mga malalang pangyayari, kasama na ang pang-aabuso at pagpapabaya (kasama na ang mga paratang)
- nagbibigay ng impormasyon at pagpapayo upang mapahusay ang mga hinaharap pang mga serbisyo.

## Puwedeng magreklamo

PO BOX 210
Penrith NSW 2750

www.ndiscommission.gov.au

Kayo ay may karapatang magreklamo kung hindi kayo nasisiyahan sa mga suporta mula sa NDIS. Ang pagsasalita ninyo ay nakakatulong sa pagpapahusay sa mga suporta at serbisyong para sa iyo at sa ibang tao.

Hinihikayat namin kayong makipag-usap muna sa iyong tagapagdulot-serbisyo para malaman kung maaari ninyong malutasan ang inyong reklamo. Maaari kayong humingi sa isang taong mapagkakatiwalaan ninyo o sa isang malayang tagapagsalita na tumulong sa inyo. May listahan ng mga malayang tagapagsalita sa https://disabilityadvocacyfinder.dss.gov.au/disability/ndap/. Kung hindi kayo nasiyahan sa pamamahala ng inyong reklamo mula sa tagapagdulot ng serbisyo o hindi ninyo gustong makipag-usap dito, kausapin lamang po kami.

Maaari kayong magreklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa amin o sa paggamit ng aming "online complaint contact form". Maaari ninyong sabihin sa amin kung paano ninyo gustong makakuha ang impormasyon – sa telepono, email, mga madaling basahin na polyetos, Auslan o sa anumang wika o uri ng may-katulong na pag-uusap.

Kami ay makikipagtulungan sa inyo, at mga tagapagdulot ng serbisyo at mga trabahador, sa paglutas sa mga problemang inyong ikinababahala at mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga suporta ng NDIS— para sa inyo at mga iba pang tao na tumatanggap ng mga serbisyong pinupondohan ng NDIS.

## Dagdag na kaalaman

Maaari ninyong malaman ang dagdag na impormasyon tungkol sa Komisyon ng NDIS, kasama na kung ano ang kahulugan nito sa inyo, mula sa NDIS Participants webpage sa www.ndiscommission.gov.au/participants, na dadaaan sa Participant Welcome Pack sa www.ndiscommission.gov.au/participantpack, o tawagan kami sa **1800 035 544** (walang bayad ang pagtawag sa mga ordinaryong telepono).

Umaasa akong tayo ay magtutulungan, kasama ang iyong mga kapamilya, tagapag-alaga, o tagapagsalita upang mapahusay pa ang mga suporta at serbisyong natatanggap ninyo mula sa NDIS.

Sumasainyo,

Graeme Head AO

**Komisyonado**

July 2019

Ref: D19 6703